Pangalan: ____________________________________________________________________________

Petsa Nang Nagsimula: ____________ Petsa Nang Natapos: ________________Marka:___________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

Pagbibigay-kaalaman mula sa Nabasang Teksto at Datos sa Form

I. **Panuto:** Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Bakit mahalagang magtala ng mahahalagang impormasyon?
   a. Upang madaling malimutan ang nabasa
   b. Upang matuwa ang babasa ng mga detalye
   c. Upang madaling mabalikan ang mga kaalaman
   d. Upang magkaroon ng listahan ng pangyayari
2. Ano ang kauna-unahang dapat alamin bago maglagay ng datos sa form?
   a. Gaano ito kahaba
   b. Para saan ito
   c. Ilan ang sasagot
   d. Paraan ng pagsagot
3. Ano ang dapat gawin kung hindi nakatitiyak kung dapat ibigay ang hinihinging impormasyon sa form?
   a. Pasagutan sa iba ang aytem.
   b. Magtanong sa guro o magulang.
   c. Huwag sagutin ang buong form.
   d. Burahin ang aytem na iyon.
4. Ganito ang hinihinging hanay ng pagsulat ng pangalan sa form: Apelyido/ Ibinigay na Pangalan/Gitnang Inisyal. Alin ang tamang sagot?
   a. Richard P. Estrada
   b. Estrada P. Richard
   c. P, Richard Estrada
   d. Estrada, Richard P.
5. Ganito ang hinihinging hanay ng pagsulat ng address ng bahay sa form: Bilang ng Bahay/Kalye/Bayan/Lalawigan. Alin ang tamang sagot?
   a. #18 San Isidro, Juan Luna St., Nueva Viscaya
   b. Juan Luna St., #18 Nueva Viscaya, San Isidro
   c. #18 Juan Luna St., San Isidro, Nueva Viscaya
   d. Nueva Viscaya, #18 Juan Luna St., San Isidro

II. **Panuto:** Basahin at suriing mabuti ang mga tanong sa bawat bilang. Isulat sa patlang ang letrang **T** kung tama ang pahayag at **M** naman kung mali ang pahayag.

_____1. Mahalagang magtala ng mahahalagang impormasyon upang mabilis na maibahagi ang mga detalye.

_____2. Ang pinakamahalagang alamin muna bago sagutin ang isang form ay kung gaano ito kahaba.

_____3. Dapat ingatan ang iyong personal na datos at ng iyong pamilya upang makatulong agad sa nangangailangan.

_____4. Tama lamang na ibigay ang mahahalagang impormasyon sa taong hindi kilala.

_____5. Mahalagang masagot nang maayos at malinaw ang mga form o pormularyo.